


Makakakuha ba ako ng tulong upang kumatawan sa aking sarili?

Oo. Ang Hukumang Superyor ng San Fransico ay may sentro ng pagtulong sa sarili, tinatawag na ACCESS Center. Ang sentro ay hindi maaaring maging abugado mo, pero may impormasyon, mga libro ng batas at mga libro ng pagtulong sa sarili na makakatulong sa iyo na katawanin ang sarili.

Kailangan ko bang makipagtipan?

Ang ACCESS Center ay tumutulong sa mga taong pumupunta nang walang pakikipagtipan.



Paano ako matutulungan ng ACCESS Center?

Ang ACCESS Center ay may:

- Mga libro ng batas
- Mga libro ng pagtulong sa sarili
- Mga pakete ng pagtulong sa sarili na may mga halimbawang porma
- Mga polyeto
- Mga patnubay sa praktis
- Mga listahan ng mga nagrerekomenda at dulugan

Nasaan ang ACCESS Center?

Ang ACCESS Center ay nasa:
San Francisco Superior Court
400 McAllister Street, Silid 208
San Francisco, CA 94102
(kanto ng Polk at McAllister)

sa BART: kunin ang paglabas ng Civic Center.

Muni: linya 5, 42, 47, 49, F, J, K, L, at M

Kailan bukas ang sentro?

Ang mga oras ng ACCESS ay:

Lunes	1:30 - 4:00
Martes	8:30 - 12:00
Miyerkules	8:30 - 12:00
	1:30 - 4:00
Huwebes	8:30 - 12:00
Biyernes	8:30 - 12:00

Para sa 24-na-oras na nakarekord na impormasyon, tumawag sa: **415-551-5880**

Paano ko Kakatawanin ang Sarili?



ACCESS

San Francisco Superior Court
400 McAllister Street
Room 208
San Francisco, CA
94102-4514

415.551.5880
www.ci.sf.ca.us/courts

Kailangan Ko Ba ng Abugado?

Mabuting kumuha ng abugado upang kumatawan sa iyo. Pero, ito ay hindi laging kailangan o magagawa. Ang patnubay na ito ay tutulong sa iyo na magpasiya kung kailangan mo o hindi ng abugado.

Maaaring kailangan ng abugado kung...

- Mayroon kang kumplikadong kaso (o isang kaso na maaaring maging kumplikado).
- Gusto mo ng payong pambatas.
- Gusto mong talakayin ang mgaistratehiya para sa iyong kaso.
- Gusto mo ng isang kompidensiyal na relasyon ng abugado-kliyente.

Paano ako kukuha ng abugado?

Upang kumuha ng abugado, puwede kang tumawag sa Serbisyong Pagrekomenda ng Abugado ng Asosasyon ng Bar ng San Francisco: **415-989-1616**

Kung maliit ang iyong kinikita, maaari kang maging kuwalipikado sa libre o murang tulong na pambatas. Tawagan ang Programang Boluntaryong Serbisyong Pambatas ng Asosasyon ng Bar ng San Francisco upang malaman kung kuwalipikado ka: **415-989-1616**

Maaaring kailangan mo ng abugado kung...

- Naiintindihan mo ang lahat ng iyong maaaring gawin at makakagawa ng mga may-kaalamang pagpili tungkol sa iyong kaso.
- Nakahanda kang mag-aral at maintindihan ang batas at ang mga tuntunin at pamamaraan na angkop sa iyong kaso.
- Puwede kang gumugol ng oras upang ihanda ang iyong kaso.
- Nakakasunod ka sa mga nakasulat na tagubilin at nakakapagtrabahong mag-isa.

Paano ko Kakatawanin ang Sarili?

1. Magbasa ng tungkol sa batas na nauukol sa iyong kaso. Gumawa ng pananaliksik sa Aklatan ng Batas at humingi ng tulong sa ACCESS Center.
2. Tingnan ang mga mapipili na makakatulong sa iyong problema nang hindi kailangang pumunta sa hukuman. Halimbawa, puwede mong subukan ang Altenatibong Paglutas ng Kaso (ADR), Pamamagitan, o Arbitrasyon. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kung paano lulutasin ang mga kaso sa labas ng hukuman, pumunta sa ACCESS Center.
3. Tiyakin na sinusunod mo ang mga pamamaraan ng hukuman. Upang magawa ito, dapat kang magbasa ng mga batas na nakakaapekto sa iyong kaso sa:
 - Kodigo ng Pamamaraang Sibil ng California
 - Mga Tuntunin ng Hukuman ng California
 - Mga Lokal na Tuntunin ng County ng San FranciscoMaipapakita sa iyo ng ACCESS Center kung paano gagawin ito.

4. Huwag kalilimutan ang lahat ng huling-sandali — lalo na ang mga huling sandali sa paghaharap ng mga papeles at paghahain sa ibang partido. Kapag hindi mo nagawa ang dapat gawin sa mga huling sandali, maaari kang matalo sa iyong kaso.
5. Pumunta sa silid-hukuman kung saan gaganapin ang pagdinig sa iyong kaso at manood ng ilang kaso. Puwede mong matutuhan:
 - Kung saan umuupo ang mga partido
 - Kung paano ipapaliwanag ang iyong kaso sa hukom
 - Gaano katagal makakapagsalita ang bawat partido
6. Maghanda para sa pagdinig ng iyong kaso sa hukuman. Magdala ng mga kopya ng:
 - Lahat ng papeles na iniharap mo
 - Lahat ng papeles na inihain sa iyo ng kabilang partido
 - Anumang hindi mo naihahain sa kabilang partido pero gustong gamitin sa hukumanKung mayroon kang mga eksibit (tulad ng mga retrato o liham na gusto mong ipakita sa hukuman), dapat mong markahan ang bawat isa. (Eksibit 1, atbp.)
7. Propesyonal na kumilos sa hukuman. Ipaliwanag ang iyong panig nang maikli at maliwanag. Huwag magsasalita ng tungkol sa mga usapin na hindi sumusuporta sa iyong kaso.
8. Magpakita ng paggalang sa hukom, sa mga klerk ng hukuman, at ibang mga tao sa silid-hukuman. Huwag puputulin o gagambalain ang pagsasalita ng hukom o ang kabilang partido. Huwag gagawa ng mga personal na atake sa kabilang partido.